# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG ENERO 27, 2025, LUNES, IKA-09:30 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President may karamdaman |

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME [signature] DATE [illegible] TIME ______ STA. CRUZ, LAGUNA

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECEIVED By: [signature] 17 FEB 2025 Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 050-T2025**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 23-T2024 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 06-T2024 NG SANGGUNIANG BARANGAY NA NAGKAKAHALAGA NG TATLONG DAAN DALAWAMPU'T DALAWANG LIBO TATLONG DAAN TATLUMPU'T SIYAM NA PISO AT SIYAMNAPUT LIMANG SENTIMOS (P322,339.95) MULA SA LIMANG BAHAGDAN (5%) PONDO SA KALAMIDAD NANG TAONG 2025 PARA SA BARANGAY DISASTER RISK REDUCTION MANAGEMENT (BDRRM) PLAN NG BARANGAY PALASAN.**

**SAPAGKAT,** ang Kapasiyahan Blg. 23-T2024 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 06-T2024 ng Barangay Palasan ay iniliwat sa sangguniang ito, na nagpapatibay ng halagang P322,339.95 mula sa Limang Bahagdang (5%) Pondong Kalamidad nang taong 2025 para sa BDRRM Plan, na ang 70% nito ay inilaan sa Disaster Preparedness (P225,637.97) at ang 30% naman ay para sa Quick Response (P96,701.98) ng Barangay Palasan, ayon sa pagsunod sa Philippine Disaster Risk Reduction Management Act of 2010 o RA 10121;

**SAPAGKAT**, ito ay tinalakay ng mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, matapos ang pagtalakay at malaman ang kahalagahan ng paglalaan ng pondo para sa paghahanda at biglaang pangangailangan ng barangay ay iminungkahi ng Tagapamuno ng kaukulang lupon ang pagpapatibay sa nasabing kapasiyahan ng barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan ng lahat ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 23-T2024 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 06-T2024 ng Sangguniang Barangay na nagkakahalaga ng P322,339.95 mula sa Limang Bahagdan (5%) Pondo sa Kalamidad nang taong 2025 para sa Barangay Disaster Risk Reduction Management (BDRRM) Plan ng Barangay Palasan.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Palasan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Enero 27, 2025**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

2-14-25

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

LAM/CEL 25

27225 103